



Patnubay sa unang paghingi ng impormasyon ng pasyente

Boluntaryong tinulungang kamatayan

First request patient information guide
Voluntary assisted dying

Filipino

Patnubay sa unang paghingi ng impormasyon ng pasyente: Impormasyon kung nagkaroon ka ng unang paghingi para sa boluntaryong tinulungang kamatayan sa NSW

Ang patnubay na ito ay naglalaman ng ilang mga salitang legal at medikal. Kung kinakailangan mo ng tulong upang maunawaan ang mga salitang ito, maaari kang makipag-usap sa iyong doktor o makipag-ugnay sa **NSW Voluntary Assisted Dying Care Navigator Service (Serbisyo sa Pangangasiwa sa Pangangalaga ng Boluntaryong Tinulungang Kamatayan ng NSW)** sa 1300 802 133.

Maaari mong tawagan ang **Serbisyo sa Pagsasaling Wika at Pag-iinterpretate (TIS National)** sa 131 450 at hilingin ang NSW Voluntary Assisted Dying Care Navigator Service kung kinakailangan mo ng tulong sa wika.

Tandaan, maaari mong sandaling ihinto o itigil ang proseso ng boluntaryong tinulungang kamatayan sa anumang oras, kahit pagkatapos kang makatanggap ng medikasyon. Hindi ka kailangang magpatuloy kung hindi mo gusto. Hindi ka kailangang magbigay ng dahilan.



SHPN (OCHO) 230868-4
ISBN 978-1-76023-661-8
© NSW Ministry of Health 2023

Version control

Version	Date	Details
1.0	17 November 2023	Approved by NSW Health Secretary

Mga pangunahing impormasyon tungkol sa boluntaryong tinulungang kamatayan sa NSW



Ang mga taong kwalipikado ay maaaring piliing makakuha ng boluntaryong tinulungang kamatayan sa NSW mula sa ika-28 ng Nobyembre 2023.



Itong 'Patnubay sa unang paghingi ng impormasyon ng pasyente' (First request patient information guide) ay nagbabalangkas sa pinagmulang impormasyon ng boluntaryong tinulungang kamatayan at ang kriterya ng pagiging kwalipikado. Mayroon itong impormasyon tungkol sa proseso ng boluntaryong tinulungang kamatayan para sa mga pasyente na nakagawa na ng unang paghingi (first request) – isang pormal na paghingi sa isang doktor upang makakuha ng boluntaryong tinulungang kamatayan).



Kung gagawa ka ng unang paghingi na makakuha ng boluntaryong tinulungang kamatayan sa isang propesyonal sa medisina (doktor), dapat nilang sabihin sa iyo kung tinatanggap nila o hindi ang iyong unang paghingi (tingnan ang ['Hakbang 1: Unang paghingi'](#) sa ibaba para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsasagawa ng unang paghingi).



Mga ilang itinakdang propesyonal sa medisina lamang ang maaaring tumanggap ng iyong unang paghingi. Itong mga propesyonal sa medisina ay tinatawag na mga awtorisadong propesyonal sa boluntaryong tinulungang kamatayan (authorised voluntary assisted dying practitioners). Kailangang kumpletuhin ng isang propesyonal sa medisina ang espesyal na pagsasanay upang maging isang awtorisadong propesyonal.



Kung tatanggapin ng isang propesyonal sa medisina ang iyong unang paghingi, bibigyan ka nila ng malinaw na impormasyon tungkol sa susunod na hakbang sa proseso ng boluntaryong tinulungang kamatayan.



Kung hindi tatanggapin ng isang propesyonal sa medisina ang iyong unang paghingi, maaaring ito ay dahil hindi siya isang awtorisadong propesyonal. Sa kasong ito, dapat kang makipag-usap sa iyong general practitioner, pangkat ng mga gumagamot (treating clinical team) o tawagan ang NSW Voluntary Assisted Dying Care Navigator Service sa 1300 802 133, na makakatulong sa iyo na maghanap ng isang awtorisadong propesyonal.



Mayroong mahigpit na pamantayan sa pagiging karapat-dapat na makakuha ng boluntaryong tinulungang kamatayan. Dapat mong matugunan ang lahat ng kriterya at ang mga ito ay nakabalangkas sa ibaba.



Mahalagang malaman ang tungkol sa mga opsyon na makukuha mo sa katapusan ng iyong buhay. Kabilang dito ang palliative care (pangangalagang palyatibo) at iba pang mga opsyon ng pagpapagamot. Kahit hihilingin mo ang boluntaryong tinulungang kamatayan, maaari ka pa ring makakuha ng mataas na kalidad na pangangalagang palyatibo at pagpapagamot.



Mayroong impormasyon tungkol sa tulong na makukuha para sa iyo sa hulihan ng patnubay na ito.

Pinagmulang impormasyon

Ano ang boluntaryong tinulungang kamatayan?

Ang boluntaryong tinulungang kamatayan ay nangangahulugan na ang isang kwalipikadong tao ay maaaring hihingi ng tulong medikal upang tapusin ang kanilang buhay. Ang tao ay dapat na mayroong isang matindi at progresibong sakit, karamdaman o kondisyong medikal na tinatayang siyang magiging dahilan ng kanilang kamatayan sa loob ng anim na buwan (o 12 buwan para sa mga neurodegenerative na sakit tulad ng motor neurone disease). Dapat din silang nakakaranas ng paghihirap na hindi maaaring mapawi sa isang paraan na katanggap-tanggap sa kanila.

Sino ang kwalipikado para sa boluntaryong tinulungang kamatayan sa NSW?

Maaari ka lamang na makakuha ng boluntaryong tinulungang kamatayan sa NSW kung matutugunan mo ang lahat ng kriterya ng pagiging kwalipikado at sundin ang proseso na nakabalangkas sa batas, kabilang ang pagkuha ng pag-apruba mula sa NSW Voluntary Assisted Dying Board (Lupon ng Boluntaryong Tinulungang Kamatayan ng NSW).

Upang kwalipikadong makakuha ng boluntaryong tinulungang kamatayan, dapat kang:

1. Isang may sapat na gulang (18 taon o higit pa) na:
 - a. Isang mamamayan ng Australya, o
 - b. Isang permanenteng residente ng Australya, o
 - c. Isa nang residente ng Australya ng hindi bababa sa tatlong tuloy-tuloy na taon noong nagsagawa ka ng iyong unang paghingi.
2. Isa nang karaniwang residente ng NSW ng hindi bababa sa 12 buwan noong nagsagawa ka ng iyong unang paghingi (*tingnan sa ibaba).
3. Mayroong hindi bababa sa isang sakit, karamdaman o medikal na kondisyon na:
 - a. Matindi at progresibo,
 - b. Na magiging, ayon sa pagbabalanse ng mga maaaring mangyari, dahilan ng iyong kamatayan sa loob ng anim na buwan (o sa loob ng 12 buwan para sa mga neurodegenerative na sakit tulad ng motor neurone disease), at
 - c. Nagiging sanhi sa iyo na nakakaranas ng paghihirap na hindi maaaring mapawi sa isang paraan na ipinapalagay mong katanggap-tanggap.
4. May kakayahang magdesisyon na nauugnay sa boluntaryong tinulungang kamatayan.
5. Boluntaryong nagsasagawa (sarili mong kagustuhan) at hindi dahil sa panggigipit o pamimilit mula sa ibang tao.
6. Mayroong isang pangmatagalang kahilingan para sa boluntaryong tinulungang kamatayan. Nangangahulugan ito na ang kahilingan ay walang tigil, umiiral, at walang hanggan.

Kung hindi mo matugunan ang lahat ng mga kriteryang ito, hindi ka kwalipikadong makahingi ng boluntaryong tinulungang kamatayan.

* Maaari ka pa ring maging kwalipikado na makakuha ng boluntaryong tinulungang kamatayan sa NSW kung hindi ka naging isang ordinaryong residente sa NSW ng hindi bababa sa 12 buwan. Kailangan kang napagkalooban ng isang exemption upang mangyari ito. Kailangan mong mag-aplay para dito sa pamamagitan ng NSW Voluntary Assisted Dying Board. Makukuha ang impormasyon tungkol sa mga exemption sa paninirahan sa website ng NSW Health: www.health.nsw.gov.au/voluntary-assisted-dying/Pages/board.aspx

Ano ang ibig sabihin ng may kakayahan sa pagdedesisyon (decision-making capacity) para sa boluntaryong tinulungang kamatayan?

Ang may kakayahan sa pagdedesisyon para sa boluntaryong tinulungang kamatayan ay nangangahulugan na dapat na mayroon kang kakayahan na magsagawa ng mga sumusunod sa bawat hakbang ng proseso ng boluntaryong tinulungang kamatayan:

- nakakaintindi ng impormasyon o payo na ibinigay sa iyo tungkol sa boluntaryong tinulungang kamatayan.
- natatandaan ang impormasyon o payo na ibinigay sa iyo upang kaya mong humingi ng boluntaryong tinulungang kamatayan o pagpasyahang makakuha ng boluntaryong tinulungang kamatayan (isang desisyon sa boluntaryong tinulungang kamatayan).
- nauunawaan ang mga kakailangang proseso, mga hakbang at mga pangangailangan ng isang desisyon sa boluntaryong tinulungang kamatayan.
- nauunawaan kung ano ang mangyayari kapag makagawa ka ng isang desisyon sa boluntaryong tinulungang kamatayan. Kasama dito ang pagkakaintindi na ang pag-inom ng medisina para sa boluntaryong tinulungang kamatayan ay magresulta sa iyong kamatayan.
- isiping mabuti ang impormasyon sa itaas bago magsagawa ng isang desisyon upang makakuha ng boluntaryong tinulungang kamatayan.
- makakayang ipagbigay-alam ang isang desisyon sa boluntaryong tinulungang kamatayan sa pamamagitan ng pagsasalita, paggamit ng mga kagamitan sa komunikasyon, o paggamit ng sign language o mga pagkumpas.

Ano ang kahulugan ng boluntaryong nagsasagawa (acting voluntarily)?

Ang boluntaryong nagsasagawa ay nangangahulugan na dapat na sarili mong kagustuhan ang makakuha ng boluntaryong tinulungang kamatayan.

Walang sinuman na maaaring puwersahin ka o pilitin ka na umpisahan o kumpletuhin ang proseso ng boluntaryong tinulungang kamatayan. Maaaring kabilang sa pagpuwersa ang pang-aabuso, pamimilit, intimidasyon, mga pagbabanta, at undue influence (impluwensya ng tao na may mas mataas na posisyon o kapangyarihan).

Labag sa batas (illegal) para sa sinuman na pilitin kang piliin ang boluntaryong tinulungang kamatayan.

Paggamit ng interpreter sa panahon ng proseso ng boluntaryong tinulungang kamatayan

Maaari kang gumamit ng isang interpreter sa bawat yugto ng proseso ng boluntaryong tinulungang kamatayan kung kinakailangan mo ng tulong sa pakikipag-usap. Kung kinakailangan mo ng isang interpreter, makikipag-ayos ang iyong propesyonal sa medisina para kumuha ng isa. Ang karagdagang impormasyon kung sino ang maaaring makapag-interpretar ay makikita sa ibaba [*‘What information and supports are available to me?’ \(Anong impormasyon at mga suporta ang maaari kong magamit?\)*](#).

Ang proseso ng boluntaryong tinulungang kamatayan

Mayroong 11 mga hakbang sa proseso ng boluntaryong tinulungang kamatayan. Ang daluyang talanguhit (flow chart) sa susunod na pahina ay nagpapakita ng mga pangunahing hakbang sa proseso. Maaaring kailangan ng karagdagang mga hakbang batay sa iyong indibidwal na sitwasyon.

Ang Tinulungang Boluntaryong Pagkakamatay sa NSW

May **11 hakbang sa proseso** ng Tinulungang Boluntaryong Pagkakamatay sa NSW. Maaari kang magpahinga o itigil ang proseso sa anumang oras.

- HAKBANG 1.** Gumawa ka ng **unang paghiling (first request)** sa isang doktor para sa isang tinulungang boluntaryong pagkakamatay
- HAKBANG 2.** May isang tagapag-ugnay na doktor na gagawa ng **unang pagtatasa (first assessment)**
- HAKBANG 3.** Ibang doktor naman ang gagawa ng **sangguniang pagtasa (consulting assessment)**
- HAKBANG 4.** Gumawa ka ng isang **nakasulat na pahayag (written declaration)**
- HAKBANG 5.** Gumawa ka ng **pinal na kahilingan (final request)** para sa tinulungang boluntaryong pagkakamatay
- HAKBANG 6.** Ang iyong tagapag-ugnay na doktor ay gagawa ng **pinal na pagrerepaso (final review)**
- HAKBANG 7.** Pipili ka kung **paano mo tatanggapin ang gamot (how to take the medication)**, na sinusuportahan ng iyong doktor
- HAKBANG 8.** Mag-aaplay ang iyong doktor para sa isang **awtorisasyon sa paggamot (medication authorisation)**. Ang Lupon ng Tinulungang Boluntaryong Pagkakamatay (Voluntary Assisted Dying Board) ang nag-aaprubo
- HAKBANG 9.** Ang iyong doktor ay **magrereseta ng gamot (prescribes the medication)**
- HAKBANG 10.** Tatanggapin mo o ibibigay sa iyo ang **gamot (medication)** kung gusto mo at sa kailan mo gusto
- HAKBANG 11.** Ilalabas ang isang **patunay ng kamatayan (death certificate)**

Ang Nagtitimong Serbisyo sa Pangangalaga ng Tinulungang Boluntaryong Pagkakamatay ng NSW (NSW Voluntary Assisted Dying Care Navigator Service)

ay isang linya sa telepono na sumasagot sa mga katanungan tungkol sa tinulungang boluntaryong pagkakamatay.

Susuportahan ng Serbisyo ang lahat ng tao, kabilang na ang mga pasyente at pamilya.

Tumawag sa **1300 802 133** Lunes hanggang Biyernes mula ika-8:30 ng umaga hanggang ika- 4:30 ng hapon.

Ito ay isang buod ng mga pangunahing hakbang sa proseso ng tinulungang boluntaryong pagkakamatay sa ilalim ng Voluntary Assisted Dying Act 2022 (Batas sa Tinulungang Boluntaryong Pagkakamatay ng 2022). Itong buod ay isang pagpapakilala lamang at hindi sinasakop ang lahat ng mga senaryo na maaaring mangyari habang nasa proseso ng tinulungang boluntaryong pagkakamatay ang isang pasyente.

Ang boluntaryong tinulungang kamatayan (11 mga hakbang)

Hakbang 1: Unang paghingi (gagawa ka ng unang paghingi sa isang doktor para sa boluntaryong tinulungang kamatayan)

Upang umpisahan ang proseso ng boluntaryong tinulungang kamatayan, kailangan mong magsagawa ng isang pormal na paghingi sa isang doktor na kwalipikadong tumulong sa iyo. Tinatawag itong isang ‘unang paghingi’ (first request).

Ang doktor ay maaaring ang iyong general practitioner (GP) o isang espesyalista, halimbawa. Kailangan mong gawin ang pahihingi ito sa panahon ng isang medical appointment. Maaari itong isang harap-harapang appointment o isang appointment na videoconference kung saan ang doktor ay nakakakita at nakakarinig sa iyo.

- Ang iyong paghingi ay dapat na malinaw at hindi iba’t-iba ang kahulugan. Ibig sabihin nito na dapat naiintindihan ng doktor na humihingi ka ng boluntaryong tinulungang kamatayan. Upang gawing malinaw ito, maaari mong sabihing “voluntary assisted dying”. Maaari mo ring gamitin ang isang kagamitan sa komunikasyon o mga pagkumpas kung kinakailangan mo ng tulong na ipabatid ang iyong hinihingi. Maaaring kakailanganin ng doktor na kumpirmahin sa iyo upang masiguro na nauunawaan nila ang hinihingi mo.
- Kung nagsasagawa ka ng mga karaniwang pagtatanong o humihingi ng impormasyon, ito ay hindi isang unang paghingi.
- Tanging ikaw lamang ang maaaring gumawa ng isang unang paghingi. Walang ibang tao ang maaaring makagawa ng isang unang paghingi para sa iyo.

Sasabihin ng doktor sa iyo kung maaari nilang tanggapin o tanggihan ang iyong unang paghingi. Nangangahulugan ito na sasabihin nilang oo (yes) o hindi (no) upang maaaring matulungan ka sa proseso.

Hindi lahat ng mga doktor ay nagbibigay ng mga serbisyong boluntaryong tinulungang kamatayan. Kung ang doktor mo ay magsasabi ng hindi sa iyo dahil hindi nila sinusupportahan ang boluntaryong tinulungang kamatayan, ito ay tinatawag na isang ‘conscientious objection’ (pagtutol ng konsensya). Kung mangyayari ito, dapat na agad na sasabihin sa iyo ng doktor na tinatanggihan niya ang iyong unang paghingi at hindi ka niya matutulungan na makakuha ng boluntaryong tinulungang kamatayan.

Maaari ring magsasabi ng hindi sa iyo ang isang doktor dahil sila ay hindi kwalipikado o hindi makakayang tanggapin ang kahilingan. Maaaring ito ay dahil sila ay:

- walang sapat na katagalan ng panahon bilang isang doktor o nagtataglay ng wastong mga kwalipikasyon
- hindi pa nakumpleto ang sapilitang pagsasanay, o
- may ibang dahilan (tulad ng pagiging abala at hindi makausap).

Ang isang doktor na walang conscientious objection ay dapat na:

- sabihin sa iyo kung tinatanggap o tinatanggihan nila ang iyong unang paghingi
 - kaagad, kung sila ay hindi kwalipikado, na tanggapin ang paghingi, o
 - kung hindi ay sa loob ng dalawang araw na may opisina nang iyong paghingi.
- ibigay sa iyo itong ‘First Request Patient Information Guide’ (Patnubay sa Unang Paghingi ng Impormasyon ng Pasyente). Dapat kang mabigyan ng patnubay na ito hindi alintana kung tanggapin man o tanggihan ang iyong unang paghingi.

Kung tatanggihan ng doktor ang iyong unang paghingi, maaari kang humingi sa ibang doktor. Maaari kang tulungan ng NSW Voluntary Assisted Dying Care Navigator Service na makahanap ng ibang doktor na maaaring tumanggap sa paghingi (tingnan ang [Anong impormasyon at mga suporta ang maaari kong magamit?](#)).

Hakbang 2: Unang pagtatasa (kukumpletuhin ng isang doktor ang unang pagtatasa)

Kapag natanggap na ng isang doktor ang iyong unang paghingi, sila ay magiging iyong **coordinating practitioner (tagapangasiwang doktor)**.

Nangangahulugan ito na sila ay:

- mag-uumpisa at mangangasiwa (mamahala) sa proseso ng boluntaryong tinulungang kamatayan para sa iyo.
- magtatasa kung ikaw ay kwalipikadong makakuha ng boluntaryong tinulungang kamatayan. Ito ang tinatawag na 'unang pagtatasa' (first assessment). Ang unang pagtatasa ay mangyayari sa isang harap-harapan na appointment.

Dapat na siguraduhin ng iyong tagapangasiwang doktor na natutugunan mo ang lahat ng kriterya ng pagiging kwalipikado para sa boluntaryong tinulungang kamatayan tingnan ang ['Sino ang kwalipikado para sa boluntaryong tinulungang kamatayan sa NSW'](#) sa itaas). Maaaring kasama dito ang:

- paghingi ng pagpapatunay ng iyong edad
- paghingi ng pagpapatunay ng pagiging isang mamamayan ng Australya, permanenteng residente o residente ng NSW
- pagtatanong tungkol sa iyong kasaysayang medikal, kondisyong medikal at sa iyong paghingi na makakuha ng boluntaryong tinulungang kamatayan.

Ang mga dokumentong maaaring makakatulong sa tagapangasiwang doktor ay kabilang ang iyong lisensya ng pagmamaneho sa NSW, pasaporte ng Australya, mga statement sa bangko at mga bayarin sa utility (kuryente, tubig, gas, telepono) na nagpapakita sa address ng tirahan.

Kung ikaw **ay hindi kwalipikado** ipapaliwanag ito ng iyong tagapangasiwang doktor kung bakit at kung ano ang maaari nilang gawin upang suportahan ka.

Kung ikaw **ay kwalipikado**, bibigyan ka ng iyong tagapangasiwang doktor ng ilang karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng boluntaryong tinulungang kamatayan, at titingnan kung alam mo ang tungkol sa iyong palliative care (pangangalagang palyatibo) at iba pang mga opsyon ng pagpapagamot. Maaari ka ring lumipat sa susunod na hakbang.

Hakbang 3: Pagtatasang pagkunsulta (ang isang pagtatasang pagkunsulta ay gagawin ng ibang doktor)

Ang tagapangasiwang doktor ay hihiling sa ibang kwalipikadong doktor (hiwalay sa kanila) na magbigay ng pangalawang opinyon sa iyong pagiging kwalipikado na makakuha ng boluntaryong tinulungang kamatayan. Hindi mo kailangang hanapin ang doktor na ito – gagawin ito ng iyong tagapangasiwang doktor para sa iyo.

Ang doktor na ito ay isang awtorisadong propesyonal na tinatawag na 'kumukunsultang doktor' (consulting practitioner). Ang kumukunsultang doktor ang siyang magsasagawa sa 'pagtatasang pagkunsulta' (consulting assessment). Kabilang sa pagtatasang pagkunsulta ang mga kaparehong hakbang ng unang pagtatasa.

Ang dahilan kung bakit mo kailangan ng isa pang pagtatasa ay dahil dalawang mga doktor ang kinakailangang magsuri sa iyo na ikaw ay kwalipikadong makakuha ng boluntaryong tinulungang kamatayan. Sinisiguro nito na ang boluntaryong tinulungang kamatayan ay isang nababagay at legal na opsyon para sa iyo. Ang pagtatasang pagkunsulta ay isang harap-harapang pagtatasa.

Isa o pareho ng iyong mga nagtatasang doktor ay maaaring humiling ng iba pang nagtatrabaho sa pangangalaga sa kalusugan o dalubhasa (tulad ng isang psychiatrist o psychologist) para sa kanilang payo kung natutugunan mo ang partikular na kriterya ng pagiging kwalipikado. Maaari itong mangyari kung ang iyong mga nagtatasang doktor ay nangangailangan ng karagdagang impormasyon upang makapagpasya kung kwalipikado ka para sa boluntaryong tinulungang kamatayan.

Hakbang 4: Nakasulat na deklarasyon (kukumpletuhin mo ang isang nakasulat na deklarasyon)

Kung ang tagapangasiwa at kumukunsultang mga doktor ay kapwa mapagpasyahan na ikaw ay karapat-dapat para sa boluntaryong tinulungang kamatayan, at gusto mong ipagpatuloy ang proseso, kailangan mong gumawa ng isang nakasulat na deklarasyon. Nangangahulugan ito ng pagkumpleto sa isang form sa pamamagitan ng pagsusulat na nagsasabing gusto mong makakuha ng boluntaryong tinulungang kamatayan.

Alinman sa tagapangasiwa o kumukunsulta na doktor ang magbibigay sa iyo ng form ng deklarasyon upang kompletuhin. Para sa karamihang tao, ito ay magiging isang pisikal na kapisang papel na kailangan mong lagdaan.

Ang nakasulat na deklarasyon ay hindi kinakailangang lagdaan sa harap ng iyong tagapangasiwang doktor o kumukunsultang doktor. Maaari mong lagdaan ito sa bahay o iba pang lugar na iyong pinili. Kung mawala mo ang porma, maaari mong tawagan ang NSW Voluntary Assisted Dying Care Navigator Service para humingi ng isa pa (tingnan ang [Anong impormasyon at mga suporta ang maaari kong magamit?](#)).

Kailangan mong kumpletuhin at lagdaan ang pormang ito sa harap ng dalawang tao (na tinatawag na mga 'saksi' o 'witnesses').

Ang mga saksi ay hindi maaaring:

- maging isang kabataan (17 taong gulang at mas bata)
- maging isang miyembro ng pamilya (kabilang dito ang pinalawak na pamilya tulad ng kinakapatid, amain, inain, o mga anak na panguman)
- alam o naniniwala na sila ay isang tagapagmana sa iyong will (testamento)
- alam o naniniwala na sila ay maaaring makinabang sa pananalapi o sa pamamagitan ng iba pang materyal na paraan mula sa iyong kamatayan
- maging iyong tagapangasiwang doktor o kumukunsultang doktor
- maging isang miyembro ng pamilya o empleyado ng iyong tagapangasiwang doktor o kumukunsultang doktor.

Maaari kang makipag-usap sa iyong tagapangasiwang doktor tungkol sa sino ang maaari mong hilingin na maging isang saksi.

Kung hindi ka maaaring pumirma sa dokumento, maaari mong hilingin sa ibang may sapat na gulang na pumirma para sa iyo. Upang gawin ito, ikaw at ang dalawa mong mga saksi ay dapat na kasama mo kapag pipirma ang tao para sa iyo. Ang taong lalagda para sa iyo ay hindi maaaring isa sa iyong mga saksi, iyong tagapangasiwang doktor o kumukunsultang doktor.

Maaari ka ring pumirma nang elektronikong paraan (electronically) kung hindi ka maaaring pumirma nang pisikal sa deklarasyon at ito ay isang bagay na karaniwan mong ginagawa.

Kung gusto mong lumipat sa susunod na hakbang sa proseso ng boluntaryong tinulungang kamatayan, dapat mong ibigay ang nakumpletong nakasulat na porma ng deklarasyon sa iyong tagapangasiwang doktor.

Hakbang 5: Panghuling kahilingan (gagawa ka ng panghuling kahilingan para sa boluntaryong tinulungang kamatayan)

Kung makumpleto mo ang nakasulat na deklarasyon at gustong magpatuloy sa proseso, kailangan mong gumawa ng 'final request' (panghuling kahilingan). Ang kahilingang ito ay dapat na gawin sa iyong tagapangasiwang doktor. Dapat kang malinaw na gusto mong makakuha ng boluntaryong tinulungang kamatayan sa hakbang na ito.

Kailan ka makagawa ng panghuling kahilingan

May mga patakaran tungkol sa kailan ka maaaring makagawa ng iyong panghuling kahilingan. Ito ay upang bigyan ka ng panahon na pag-isipan ang iyong desisyon at suriin na hindi nagbago ang isip mo.

Ang panghuling kahilingan ay hindi maaaring gawin hanggang hindi magtapos ang pagtatapos ng '**designated period**' (**itinalagang panahon**). Ipinaliwanag ng Voluntary Assisted Dying Act 2022 (Batas ng Boluntaryong Tinulungang Kamatayan 2022) na ang 'itinalagang panahon' ay nangangahulugan na, kaugnay sa panghuling kahilingan ng pasyente, ang panahon:

- mag-umpisa sa unang araw kung saan ginawa ng pasyente ang unang paghingi, at
- magtatapos sa araw na 5 araw pagkatapos ng araw na iyon.

Ang ibig sabihin nito sa iyo ay:

- kailangan mong maghintay ng hindi bababa sa 6 na araw mula sa araw na ginawa mo ang iyong unang paghingi bago mo magawa ang iyong panghuling kahilingan

AT

- hindi mo maaaring gawin ang iyong panghuling kahilingan sa araw na makumpleto ang iyong pagtatasang pagkunsulta. Kailangan kang maghintay ng hindi bababa sa isang araw pagkatapos na makumpleto ang iyong pagtatasang pagkunsulta. Pagkatapos ay magagawa mo na ang panghuling kahilingan mula sa susunod na araw pasulong.

Halimbawa ng itinalagang panahon (takdang panahon)

Ang halimbawang ito ay para sa layuning paglalarawan lamang, tandaan na maaari kang hindi magmadali na magpatuloy sa proseso.

Araw 1	Araw 2	Araw 3	Araw 4	Araw 5	Araw 6	Araw 7
Ika-1 ng Hulyo	Ika-2 ng Hulyo	Ika-3 ng Hulyo	Ika-4 ng Hulyo	Ika-5 ng Hulyo	Ika-6 ng Hulyo	Ika-7 ng Hulyo
Ginawa ang unang paghingi					Ang pagtatasang pagkunsulta ay dapat na magawa ng hindi bababa sa isang araw bago magawa ang panghuling kahilingan	Ang panghuling kahilingan ay maaaring magawa mula sa araw na ito pasulong

Tandaan: Ang kulay rosas na kinulayan (shading) ay nagpapahiwatig sa tagal ng itinalagang panahon sa halimbawang ito.

Kunga ang tagapangasiwang doktor at kumukunsultang doktor ay magkasundo na ang isang pasyente ay maaaring mamatay o mawalan ng kakayahang makagawa ng pagdedesiyon bago ang itinalagang panahon ay magtatapos, ang pasyente ay maaaring gumawa ng panghuling kahilingan bago magtapos ang itinalagang panahon. Kung mangyayari ito sa iyong kaso, tatalakayin ninyo ito ng iyong tagapangasiwang doktor.

Pagkatapos magawa ang panghuling kahilingan, uumpisahan na ng tagapangasiwang doktor ang proseso ng 'final review' (panghuling pagtatasa).

Hakbang 6: Panghuling pagtatasa (kukumpletuhin ng iyong doktor ang panghuling pagtatasa)

Ang tagapangasiwang doktor ay magsasagawa ng isang panghuling pagtatasa pagkatapos mong gawin ang panghuling kahilingan. Hindi mo kailangang magsagawa ng anuman para sa hakbang na ito, maliban lamang kung tatawagan ka ng iyong tagapangasiwang doktor para sa anumang mga tanong.

Ang tagapangasiwang doktor ay kailangang masiguro na:

- lahat ng mga papeles at mga proseso ay kumpleto at wasto ayon sa batas
- mayroon ka pa ring kakayahang makagawa ng pagdedesiyon na kaugnay sa boluntaryong tinulungang kamatayan
- ito ang iyong kapasyahan, at walang ibang pumipilit sa iyo
- gusto mo pa ring makakuha ng boluntaryong tinulungang kamatayan, at nauunawaan mo na magreresulta ito sa iyong kamatayan.

Hakbang 7: Desisyon ng pagsagawa (pagpasyahan mo kung paano mo iinum ang medikasyon)

Pagkatapos makumpleto ang panghuling pagtatasa, kung gusto mong magpatuloy kailangan mong pag-isipan tungkol sa paano mo gustong iinum ang medikasyon na magtatapos sa iyong buhay.

Ang hakbang na ito ay tinatawag na 'administration decision' (desisyon ng pagsagawa). Dapat itong mangyari sa isang harap-harapang appointment sa iyong tagapangasiwang doktor. Hindi ito maaaring mapag-usapan o mapagpasyahan sa isang appointment na videoconference o sa telepono. Ito ay dahil pag-uusapan ninyo kung paano mo iinum ang medikasyon. Ang pagtatalakay ay dapat na mangyaring harap-harapan ayon sa batas.

Kailangan mong pagpasyahan kasama ng iyong tagapangasiwang doktor kung ikaw:

- mismo ang iinom sa medikasyon (self-administration), o
- magkaroon ka ng isang doktor o nurse practitioner na magbibigay sa iyo ng medikasyon (practitioner administration).

Maari mong bawiin (magbago ng isip tungkol dito) sa desisyong ito kahit anong oras. Kung magpapasya ka na palitan kung paano isasagawa ang medikasyon, dapat kang kumunsulta sa iyong tagapangasiwang doktor.

Dapat kang magkaroon ng isang administration decision (desisyon ng pagsagawa) bago maaaring makalipat sa susunod na hakbang ng proseso ang iyong tagapangasiwang doktor.

Kung pipiliin mong ikaw ang mismong gagawa nito (self-administration)

Kailangan mong ikaw mismo ang iinom sa medikasyon. Upang ikaw mismo ang iinom ng medikasyon, dapat na kaya mong lunukin ito na walang tutulong na iba. Kung mayroon kang isang PEG (percutaneous endoscopic gastrostomy) o NG tube (nasogastric tube), maaari mo ring tanggapin ang medikasyon sa pamamagitan nito. Dapat na kaya mong gawin ito nang sarili mo. Maaari kang makipag-usap sa iyong tagapangasiwang doktor tungkol sa kung ano ang nababagay para sa iyo

Kung pipiliin mo ang sariling pag-inom (self-administration), dapat kang humirang ng isang taong matatawagan (contact person) na pumapayag na gaganap sa tungkuling ito. Ang taong matatawagan na ito ay maaaring isang taong may sapat na gulang (18 taon at mas matanda) kabilang ang:

- isang miyembro ng pamilya o kaibigan
- iyong tagapangasiwang doktor
- iyong kumukunsultang doktor
- ibang nakarehistrong propesyonal sa kalusugan.

Ang iyong taong matatawagan (contact person) ay maaaring:

- tumanggap sa medikasyon sa boluntaryong tinulungang kamatayan mula sa isang awtorisadong tagapagtustos sa ilang mga pangyayari
- ingatan at isantabi ang medikasyon sa boluntaryong tinulungang kamatayan para sa iyo upang makatulong na ihanda ito o ibigay ito sa iyo.

Ang iyong taong matatawagan ay dapat na:

- isauli ang anumang hindi nagamit o natitirang medikasyon sa isang tao na tinatawag na 'authorised disposer' (awtorisadong magtatapon) sa isang partikular na botika ng ospital pagkatapos na:
 - mamamatay ka, o
 - bawiin ang iyong desisyon na sariling inumin (self-administer) ang medikasyon sa pamamagitan ng pagbibigay-alam sa iyong tagapangasiwang doktor na nagbago ang isip mo
- ipagsabi sa iyong tagapangasiwang doktor kung mamamatay ka. Kailangan nilang gawin ito kung mamamatay ka mula sa pag-inom ng medikasyon sa boluntaryong tinulungang kamatayan o kung mamamatay ka nang hindi ininom ang medikasyon.

Ang iyong taong matatawagan ay makakatanggap ng impormasyon mula sa NSW Voluntary Assisted Dying Board (Lupon ng Boluntaryong Tinulungang Kamatayan ng NSW) tungkol sa kanilang mga tungkulin bilang isang taong matatawagan (may karagdagang impormasyon sa ibaba).

Bibigyan ka ng iyong tagapangasiwang doktor ng isang porma na kukumpletuhin at pipiliin mo ang iyong taong matatawagan. Tinatawag itong **Contact Person Appointment Form (Form ng Appointment ng Taong Matatawagan)**.

Sa mga karamihang tao, ang porma na ito ay isang pisikal na piraso ng papel. Dapat na punan at lagdaan ninyo ng iyong taong matatawagan ang porma na ito. Ang ilang tao ay maaaring pipirma sa porma na ito nang electronically. Sasabihin ng iyong tagapangasiwang doktor kung maaari mong gawin ito. Kung hindi mo kayang kumpletuhin at lagdaan ang porma na ito, maaari kang humiling sa ibang tao na pirmahan ito para sa iyo. Kailangan nilang pirmahan ito sa harap mo.

Kapag nakumpleto na, ikaw o ang iyong taong matatawagan ay dapat na ibalik ang porma sa iyong tagapangasiwang doktor. Ibibigay nila ang isang kopya ng porma sa NSW Voluntary Assisted Dying Board. Kailangan itong mangyari bago ang iyong tagapangasiwang doktor ay maaaring lilipat sa susunod na hakbang ng proseso.

Sa loob ng limang araw na may opisina ng pagkatanggap sa **Contact Person Appointment Form**, ang NSW Voluntary Assisted Dying Board ay magpapadala ng impormasyon sa iyong matatawagang tao. Ipapaliwanag nito:

- na sa ilang mga sitwasyon, ay dapat nilang ibalik ang hindi nagamit o natitirang medikasyon sa isang taong tinatawag na ‘authorised disposer’ (awtorisadong magtatapon) sa isang partikular na ospital o botika
- ang mga parusa kung hindi susundin ng taong matatawagan ang batas
- ang mga serbisyo ng suporta na makukuha upang matulungan ang taong matatawagan.

Dapat mong sabihin sa iyong tagapangasiwang doktor kung mapagpasyahan mong palitan ang iyong taong matatawagan. Dapat mo ring sabihin sa iyong tagapangasiwang doktor kung ang iyong taong matatawagan ay tatanggig ipagpatuloy na isagawa ang tungkuling ito. Kailangan mong pumili ng isang bagong taong matatawagan sa lalong madaling panahon.

Kung pipiliin mong gagawin ito ng doktor (practitioner administration)

Kung pipiliin mo ang opsyon na ito, ang taong magbibigay sa iyo ng medikasyon ay tinatawag na isang ‘administering practitioner.’

Sa karamihang kaso, ang iyong administering practitioner ay magiging ang iyong tagapangasiwang doktor. Maaari rin itong ibang doktor o isang nurse practitioner na mga awtorisadong propesyonal. Maaari mong talakayin sa iyong tagapangasiwang doktor kung sino ang magiging ganito.

Ang iyong tagapangasiwang doktor ay magbibigay ng medikasyon sa iyo sa pamamagitan ng isang intravenous na paraan. Nangangahulungan ang intravenous na isang hiringgilya (cannula) ay ituturok sa isang ugat sa iyong katawan. Ang magsasagawang propesyonal (administering practitioner) ay maaari ring magpasya na ang paggamit ng isang nakakabit nang intravenous line, o isang PEG (percutaneous endoscopic gastrostomy) o NG tube (nasogastric tube) kung mayroon ka nito, ay isang mas mainam na pagpipilian. Maaari kang makipag-usap sa iyong tagapangasiwang doktor tungkol sa aling opsyon ang pinakamabuti para sa iyo.

Hakbang 8: Pag-aaplay para sa substance authorisation ng boluntaryong tinulungang kamatayan (mag-aaplay ang iyong doktor para sa isang awtorisasyon ng bagay (medikasyon) sa boluntaryong tinulungang kamatayan)

Pagkatapos mong makapagpasya kung paano iyon isasagawa (administration decision), ang iyong tagapangasiwang doktor ay mag-aaplay para sa isang awtorisadong bagay ng boluntaryong tinulungang kamatayan (na tinatawag na isang “medication authorisation” sa patnubay na ito).

Ang aplikasyon na ito ay mapupunta sa NSW Voluntary Assisted Dying Board (Lupon ng Boluntaryong Tinulungang Kamatayan ng NSW). Ang NSW Voluntary Assisted Dying Board ay isang pangkat ng mga independiyenteng tao.

Ang NSW Voluntary Assisted Dying Board ay nagtatasa sa lahat ng mga aplikasyon para sa boluntaryong tinulungang kamatayan. Sinusuri nila na ang lahat ng mga dokumento ay natanggap at lahat ng mga legal na pangangailangan ay natugunan.

Kung wasto ang lahat, ipagkakaloob nila ang isang medication authorisation (awtorisasyon sa medikasyon). Ang tagapangasiwang doktor ay maaari nang magsulat ng isang reseta para sa medikasyon na magtatapos sa iyong buhay.

Hindi ka kailangang gumawa ng anuman sa hakbang na ito.

Hakbang 9: Reseta ng medikasyon sa boluntaryong tinulungang kamatayan (magrereseta ng medikasyon ang iyong doktor)

Ang reseta para sa medikasyon sa boluntaryong tinulungang kamatayan ay maaari lamang na ibibigay ng mga taong tinatawag na 'authorised suppliers' (mga awtorisadong tagapagtustos) na nagtatrabaho sa NSW Voluntary Assisted Dying Pharmacy Service (Serbisyong Parmasya ng Boluntaryong Tinulungang Kamatayan ng NSW).

Ang tagapangasiwang doktor ay direktang magpapadala ng reseta sa awtorisadong tagapagtustos.

Hindi ka kailangang gumawa ng anuman sa hakbang na ito.

Hakbang 10: Pagbibigay at paggamit ng medikasyon para sa boluntaryong tinulungang kamatayan (kukuha ka o bibigyan ka ng medikasyon kung at kailan mo pinili)

Hindi maaaring ibigay sa iyo ng awtorisadong tagapagtustos (authorised supplier) ang medikasyon na walang reseta. Kapag natanggap na nila ang reseta, susuriin ng parmasyutiko ang reseta. Gagawin nila ito upang masiguro na ito ay legal at tunay (totoo).

Hindi ibibigay sa iyo ng awtorisadong tagapagtustos ang medikasyon hanggang napagpasyahan mong gusto mo ito.

Para sa sariling pag-inom (self-administration):

- Dapat kang makipag-ugnay sa NSW Voluntary Assisted Dying Pharmacy Service kapag handa ka nang kumuha sa medikasyon.
- Direktang ihahatid ng awtorisadong tagapagtustos ang medikasyon sa iyo. Bibigyan ka nila ng maraming suporta, kabilang ang nakasulat na impormasyon kung paano ito itatabi, ihanda at inumin ang medikasyon.

Para sa pagbibigay sa iyo ng doktor (practitioner administration):

- Kailangan mong tawagan ang iyong tagapangasiwang doktor upang makipag-ayos ng panahon upang maibigay nila ang medikasyon sa iyo.
- Ang awtorisadong tagapagtustos ay direktang maghahatid ng medikasyon sa tagapangasiwang doktor.

Hakbang 11: Pagpapahayag ng kamatayan (ilalabas ang isang sertipiko ng kamatayan)

Pagkatapos ng iyong kamatayan, kukumpletuhin ng isang doktor ang isang Medical Certificate of Cause of Death form (porma ng Sertipikong Medikal ng Dahilan ng Kamatayan). Ang Medical Certificate of Cause of Death ay hindi ang panghuling sertipiko ng kamatayan (death certificate). Ito ay isang dokumento na nagsasabi kung paano ka namatay. Kung mamamatay ka pagkatapos uminom o pagkatapos nabigyan ng medikasyon para sa boluntaryong tinulungang kamatayan, ay sasabihin nito sa iyong Medical Certificate of Cause of Death. Kailangang sabihin nito sa ilalim ng batas. Papangalanan din ng sertipiko ang sakit, karamdaman o kondisyong medikal na sanhi sa iyong maging kwalipikado para sa boluntaryong tinulungang kamatayan.

Ang panghuling sertipiko ng kamatayan mula sa NSW Registry of Births Death and Marriages (Patalaan ng mga Kapanganakan Kamatayan at mga Kasal ng NSW) ay hindi isasama ang anuman na tungkol sa boluntaryong tinulungang kamatayan.

Anong impormasyon at mga suporta ang maaari kong magamit?

May mga serbisyong magagamit upang suportahan ka. Hindi ka nag-iisa sa panahon ng prosesong ito. Ang iyong tagapangasiwang doktor ang pinakamahasay na tao na sasagot sa mga tanong mo. Maaari ka ring makipag-ugnay sa iyong pangkat ng pangangalagang kalusugan o ang NSW Voluntary Assisted Dying Care Navigator Service.

Ang **NSW Voluntary Assisted Dying Care Navigator Service (Serbisyo sa Pangangasiwa sa Pangangalaga ng Boluntaryong Tinulungang Kamatayan ng NSW)** ay nandoon upang suportahan ang lahat kabilang ang mga pasyente at mga pamilya. Ang mga taong kakausapin mo ay tinatawag na mga 'care navigators.' Maaari silang:

- magbigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa boluntaryong tinulungang kamatayan sa NSW
- tutulong sa iyo na makahanap ng mga propesyonal (doktor) sa boluntaryong tinulungang kamatayan na kwalipikado at maaaring makakatulong sa iyo sa proseso
- tutulong sa iyo na makakuha ng iba pang mga makakatulong na mapagkukunan.

Upang makipag-ugnay sa Care Navigator Service:

- Tumawag sa: 1300 802 133 Lunes hanggang Biyernes, 8:30 ng umaga hanggang 4:30 ng hapon (maliban sa mga pampublikong bakasyon)
- Sa email: NSLHD-VADCareNavigator@health.nsw.gov.au

Maaari kang tumawag sa **Serbisyo sa Pagsasalang Wika at Pag-iinterpretar (TIS National) sa 131 450** at hilingin ang NSW Voluntary Assisted Dying Care Navigator Service kung kinakailangan mo ng tulong sa wika.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa boluntaryong tinulungang kamatayan pati na ang mga mapagkukunan sa iyong wika ay nasa NSW Health website: www.health.nsw.gov.au/vad-info

Paggamit ng interpreter habang nasa proseso ng boluntaryong tinulungang kamatayan

Maaari kang gumamit ng isang interpreter sa bawat yugto ng proseso ng boluntaryong tinulungang kamatayan kung kailangan mo ng tulong sa pakikipag-usap. Kung kailangan mo ng isang interpreter, ang iyong tagapangasiwang doktor ay makikipag-ayos para kumuha ng isa.

Ang interpreter ay dapat na akreditado ng NSW Health Care Interpreting Services (Serbisyo sa Pag-iinterpretar ng Pangangalaga sa Kalusugan ng NSW - (HCIS)) o National Accreditation Authority for Translators and Interpreters (Pambansang Autoridad ng Akreditasyon para sa mga Tagasalin ng Wika at mga Interpreter - NAATI). Ang interpreter ay hindi dapat na:

- Maging miyembro ng iyong pamilya
- Alam o naniniwala na sila ay isang tagapagmana sa iyong will (testamento)
- Alam o naniniwala na sila ay maaaring makinabang sa pananalapi o sa pamamagitan ng iba pang materyal na paraan mula sa iyong kamatayan (maliban sa pagtanggap ng makatarungang kabayaran para sa kanilang mga serbisyo sa pagsasalin)
- Maging isang may-ari o tagapamahala ng isang pasilidad sa kalusugan kung saan ka nakatira o tumatanggap ng pangangalaga sa kalusugan
- Maging isang tao na nagbibigay sa iyo ng mga serbisyo sa kalusugan o mga serbisyo sa pangangalaga.

Suporta para sa katapusan ng buhay

Ang mga taong papalapit sa katapusan ng kanilang buhay ay nangangailangan ng iba't-ibang mga antas ng pangangalaga at suporta. Ang mga kinakailangan sa mga panahong ito ay magbabago. Ang website ng NSW Health ay nagbibigay ng isang listahan ng mga mapagkukunan para sa katapusan ng buhay at pangangalagang palyatibo sa NSW: www.health.nsw.gov.au/palliativecare

Kasali sa advance care planning (maagang pagpapalano ng pangangalaga) ang pagsasalita tungkol sa iyong mga prinsipyo, mga kagustuhan at mga pangangailangan. Maaari rin nitong ilarawan ang pangangalaga sa kalusugan na gusto mong matanggap kung magkakaroon ka ng malubhang sakit o mapinsala at hindi makakapagsalita para sa iyong sarili. Ang isang advance care directive (kautusan sa pinaagang pangangalaga) ay hindi makakapagpalit sa prosesong inilarawan ng patnubay na ito upang makakuha ng boluntaryong tinulungang kamatayan.

Ang karagdagang impormasyon ay nasa website ng NSW Health: www.health.nsw.gov.au/patients/acp

Suporta sa kalusugan ng pag-iisip

Ang pag-uusap tungkol sa kamatayan at boluntaryong tinulungang kamatayan ay maaaring mahirap at nakalulungkot.

Tawagan ang mga libreng serbisyong ito kung kinakailangan mo ng tulong:

- Lifeline (Lifeline) sa 13 11 14 – bukas 24 oras para sa suporta sa telepono sa krisis. Nasa online din: www.lifeline.org.au
- Beyond Blue sa 1300 22 4636 – bukas 24 oras para sa suporta sa telepono sa krisis. Nasa online din: www.beyondblue.org.au
- Transcultural Mental Health Line (Maraming Kultura na Linya ng Kalusugan ng Isip) sa 1800 648 911 – bukas Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng alas 9 ng umaga at 4.30 ng hapon. Makipag-usap sa mga clinician na nakakaintindi sa iyong kultura at maaaring makipag-usap sa iyong wika
- 13YARN sa 13 92 76 – bukas 24 oras para sa suporta sa telepono sa krisis. Makipag-usap sa isang Aborihinal o Torres Strait Islander na Sumusuporta sa Krisis
- Mental Health Line (Linya sa Kalusugan ng Isip) sa 1800 011 511 – bukas 24 oras upang ikonekta ka sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng NSW Health

Suporta para sa mga pasyenteng nakatira sa mga rehiyonal at kabukiran ng NSW

Ang Isolated Patients Travel and Accommodation Assistance Scheme (Panukalang Tulong sa Paglalakbay at Akomodasyon para sa mga Pasyente Galing sa Liblib na Lugar) ay nagbibigay ng tulong pinansyal mula sa Pamahalaan ng NSW para sa iyong mga bayarin sa paglalakbay at tuluyan.

Maaaring kwalipikado ka para sa Panukala para sa mga appointment na kaugnay ng boluntaryong tinulungang kamatayan kung natutugunan mo ang mga pangangailangan ng pagiging kwalipikado.

Bisitahin ang website ng Isolated Patients Travel and Accommodation Assistance Scheme (Panukalang Tulong sa Paglalakbay at Matitirahan ng mga Pasyente Galing sa Liblib na Lugar) o tawagan ang 1800 478 227 para sa karagdagang impormasyon:

www.iptaas.health.nsw.gov.au/for-patients/voluntary-assisted-dying

Ano ang mangyayari sa aking personal na impormasyon?

Ang NSW Voluntary Assisted Dying Board ay nakatuon sa pagprotekta ng iyong pagkapribado kung hihingin o kukunin mo ang boluntaryong tinulungang kamatayan sa NSW.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang privacy statement (pahayag ng pagkapribado) sa website ng NSW Health: [Privacy Statement](#).

Sino ang maaaring mapagsabihan ko tungkol sa aking pakiusap para sa boluntaryong tinulungang kamatayan?

Ikaw ang magpapasya kung sino ang mapagsasabihan mo tungkol sa iyong kagustuhang makakuha ng boluntaryong tinulungang kamatayan. Dapat mong isaalang-alang ang anumang tulong na maaaring kakailanganin mula sa ibang tao sa panahon ng prosesong ito.

Inirerekomenda kang ipatid sa iyong kinagawiang doktor tungkol sa iyong kahilingan para sa boluntaryong tinulungang kamatayan. Dapat mong gawin ito kahit hindi sila kasangkot sa proseso. Kung nakatira ka o naninirahan sa isang tinitirahan na pasilidad, dapat mo ring ipagbigay-alam sa tagapamahala ng pasilidad.

Pagbibigay ng puna (feedback) tungkol sa proseso ng boluntaryong tinulungang kamatayan

Ang sinumang nasasangkot sa proseso ng boluntaryong tinulungang kamatayan (ikaw, iyong pamilya, mga kaibigan o tagapag-alaga, at mga propesyonal) ay maaaring ibahagi ang kanilang personal na karanasan o puna tungkol sa proseso.

Maaari mong ibigay ang impormasyong ito sa pamamagitan ng pagkumpleto ng feedback form sa website ng NSW Health:
www.health.nsw.gov.au/patientconcerns/Pages/feedback.aspx

Impormasyon tungkol sa pagreklamo

Kung nag-aalala ka o mayroong reklamo tungkol sa iyong karanasan sa proseso ng boluntaryong tinulungang kamatayan dapat ka munang makipag-usap sa iyong tagapangasiwang doktor (coordinating practitioner) kung mayroon ka nito.

Labag sa *Voluntary Assisted Dying Act 2022* para sa isang doktor na ihinto ang pangangalaga na normal mong matatanggap dahil humingi ka ng tulong medikal upang mamatay. Maaari kang magreklamo tungkol sa mga indibidwal o mga organisasyon sa NSW sa Health Care Complaints Commission (Komisyon ng mga Reklamo ng Pangangalaga sa Kalusugan - HCCC). Karagdagang impormasyon ay matatagpuan sa website ng HCCC: www.hccc.nsw.gov.au

Maaari mong ipaalam ang mga pag-aalala tungkol sa ikinikilos o ipinagsasagawa ng isang rehistradong propesyonal sa kalusugan sa Australian Health Practitioner Regulation Agency (Ahensya ng Regulasyon ng Propesyonal sa Kalusugan sa Australya - Ahpra). Karagdagang impormasyon ay maaaring matagpuan sa website ng Ahpra: www.ahpra.gov.au

Pagkilala

Ang impormasyon sa patnubay na ito ay batay sa mga mapagkukunan ng programa ng pangangalaga sa katapusan ng buhay (WA Department of Health). Ginamit ito na mayroong pahintulot.

